

Ang Papel ng Wikang sa Gitna ng Pagkakaiba-iba ng mga Wika sa Bansa

Lydia B. Liwanag

Introduksyon

Isang larangan ng sosyolinggwistika na pinagtutuunan ngayon ng mga pag-aaral at pananaliksik ang tungkol sa pagkakaiba ng wika o varayti at varyasyon ng wika. Kaugnay ng mga pagpaplanong pangwika na isinasagawa sa mga bansa na multilinggwal ang mga tao, may mga isyung panglinggwistiko na kaugnay ng pagkakaroon ng varayti ng wika: paano nagkakaroon ng mga pangkat ng mga tao na may isang varayti ng wikang sinasalita? Kailan sila nagkakaroon ng karaniwang varayti ng wika? Ang mga teo(istang neo-klasikal (Tollefson, 1991) ay nagbigay ng tepolohiya ng mga pangkat-wika batay sa mga katangiang istruktural ng mga varayti ng wika sa clegri ng pagkamultilinggwal at sa gamit ng mga varyasyong ito (Kelman, 1971; Fishman, 1968; Klosso, 1968). Nakabatay ang pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wika sa paniniwala ng mga lingwist ng pagiging *heterogeneous* o pagkakaiba-iba ng wika (Saussure, 1916) at "hindi kailanman pagkakatulad o uniformiclad ng anumang wika", ayon kay Bloomfield (1918). Dala ito ng nagkakaibang pangkat ng tao na may iba't ibang lugar na tinitirahan, interes, gawain, pinag-aralan at iba pa. Sa pagdaan ng panahon nagiging ispesyalisado ang mga gawain at tungkulin ng tao at ito ay nagreresulta sa pagkakaiba-iba ng kultura at wika na siyang nagiging panukat sa progreso ng tao (Rousseau, 1950). Ang mga pagkakaibang ito ng / sa wika ay nagbunga ng iba't ibang pagtingin, pananaw at atityucl dito kaugnay ng dipagkakapantay-pantay ng mga wika pati ng mga tagapagsalita, kultura at sibilisasyon (Constantino, 2000). Magsisilbing patnubay ang pagtalakay na ilalahad sa papel na ito para sa mga propesor, estudyante, mananaliksik at mga nagpaplano ng wika sa edukasyon partikular sa varayti ng Filipino na ginagamit ngayon sa iba't ibang rehiyon ayon sa lugar ng taong nagsasalita (heograpiko) at ayon sa pangkat na kinabibilangan (sosyolek).

Kahulugan at Uri ng Varayti ng Wika

Ang varayti ng wika ay ang pagkakaroon ng natatanging katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyo-sitwasyunal na makatutulong sa pagkilala sa isang partikular na varyasyon o varayti ng wika. Ito rin ang pagkakaiba-iba sa uri ng wika na ginagamit ng mga tao sa bansa. Maaaring ang pagkakaiba ay nasa bigkas, tono, uri at anyo ng salita. Nagbigay si Cafford (1965) ng dalawang uri ng varayti ng wika. Una ay permanents para sa mga tagapagsalita / tagabasa at ang ikalawa ay pansamantala dahil nagbabago kung may pagbabago sa sitwasyon ng pahayag. Kabilang sa mga varayting permanente ay dayalekto at idyolek. Ang dayalekto ay batay sa lugar, panahon at katayuan sa buhay. Nakikita ito kaugnay ng pinanggagalingang lugar ng tagapagsalita o grupo ng tagapagsalita sa isa sa tationg dimension: espasyo, panahon at katayuang sosyal. Maiihalimbawa rito ang mga dayalekto ng Tagalog na ayon sa iba't ibang lugar ng tagapagsalita tulad ng Tagalog-Bulacan, Tagalog-Batangas, Tagalog-Laguna, Tagalog-Cavite, Tagalog-Mindoro, TagalogRizal at Tagalog-Palawan. Samantala ang idyolek ay isang varayti na kaugnay ng personal na kakanyahan ng tagapagsalita o wikang ginagamit ng partikular na indibidwal. Ang mga tanda ng idyolek ay maaaring idyosinkratiko tulad ng paggamit ng partikular na bokabularyo nang madalas. Ayon pa rin kay Catford, permanente nang matatawag ang idyolek ng isang taong may sapat na gulang.

Ang pansamantalang varayti ng wika ay kaugnay sa sitwasyon na ginagamit ang wika. Kasama rito ang register, mode at estilo. Ang register ay varayting kaugnay ng panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Halimbawa nito ay: sayantipikong register, panrelihiyong register, pang-akademikong register at iba pa. Ang estilo ay ang varayti na kaugnay ng relasyon ng nagsasalita sa kausap. Ang estilo ay maaaring formal, kolokyal at intemeyt o personal. Ang mode ay ang varayting kaugnay sa midyurn na ginagamit sa pagpapahayag tulad ng pasalita o pasulat. Sa isang pangkat-wika o speech community makikita ang varyasyon ng wika sa pamamagitan ng: a.) mga taong bumubuo rito; b.) pakikipagkomunikasyon ng tao; c.) interaksyon ng mga tao; d.) sa mga

katangian ng pananalita ng mga tao; at; e.) sa sosyal na katangian ng mga tao.

Mga Toorya at Pananaw sa Varayti ng Wika

Nasa kamalayan na ng mga pilosopo sa ika-18 siglo (Williams, 1992) ang pagkakaroon ng mga uri o varayti ng wika na nakikita sa katayuang panlipunan ng isang indibidwal. Dito nagsimula ang mga pag-aaral sa varayti ng wika na naging bahagi ng larangan ng sosyolinggwistika. At sa pagdaan ng panahon, nagbunga ito ng mga teorya at konsepto kaugnay ng pagtuturo at pagkatuto ng wika.

Nangunguna sa mga teoryang ito ang sosyolinggwistikong teorya na batay sa palagay na ang wika ay panlipunan at ang speech (langue) ay pang-indibidwal. Ayon kay Sapir (1949), ang wika ay isang kasangkapan ng sosyalisasyon, na ang mga ralsasyong sosyal ay hindi matutupad kung wala ito. Para naman kay Saussure (1915), ang wika ay hindi kumpleto sa sinumang indibidwal o nagsasalita, nagagawa lamang ito sa loob ng isang kolektibo o pangkat. Gayundin makikita ang paghahalo ng mga varayti ng wika, dayalekto at register sa dalawang paraan: a) code switching o palit koda at b) panghihiram. Sa palit koda ang isang nagsasalita ay gumagamit ng iba't ibang varayti ayon sa sitwasyon o okasyon, Halimbawa nito ay ang mga usapan ng mga kabataan ngayon na nag-aaral sa mga kolehiyo: "0, how sungit naman our teacher in Filipino." "Hoy, na-gets mo ba sabi ko sa text ko?" "It's so hard naman to make pila-pila here." Ito ang tinatawag na conversational code switching kung saan ang nagsasalita ay gumagamit ng ibang varayti o code sa iisang pangungusap. Dito naghahalo ang Ingles at Filipino. Mayroon ding palit-koda na sitwasyonal o ang pagbabago ng code ay depende sa pagbabago ng sitwasyon na kinalalagyan ng tagapagsalita. Isang magandang halimbawa nito ay ang pagbabago ng code ng konduktor ng bus patungong Baguio mula sa pakikipagusap niya sa mga pasahero na nagmula sa Metro Manila, Pampanga, Pangasinan, Tarlac at sa mga pasaherong galing Ilokos. Ginagamit niya ang mga wika ng taong galing sa lugar na sumakay sa bus.

Ang panghihirarn ay isa pang paraan kung saan nagkakahalo ang mga varayti. Sa paraang do, ang isang salita o higit pa ay hiniharam mula sa isang varayti tungo sa isa pang varayti dahil walang katumbas ang mga ito sa varayting ginagamit ng nagsasalita. Tinatawag Rong lexical borrowing. Halimbawa nito ay ang pangalan ng pagkain na narito ngayon sa bansa na may kulturang dala mula sa pinagmulan nito (cultural color) tulad ng **hamburger, pizza, taco, french fries**; mga salitang dala ng pagbabago sa teknolohiya tulad ng **CD, computer, diskette, fax, internet, e-mail** at iba pa. Kaugnay pa rin ng sosyolinggwistikong teorya ang ideya ng pagiging heterogeneous ng wika o ang pagkakaroon ng ibat ibang anyo, mapalinggwistika, mapa-okupasyunal o mapasosyal man ang anyong ito. Dagdag pa sa pagkakaiba-iba ng anyo ng wika ay lokasyong heograpiko, pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, politikal at edukasyonal na katangian ng isang partikular na lugar o komunidad na gumagamit ng naturang wika. Ito ang nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga varayti ng wika tulad ng pagkakaroon ng Tagalog Filipino, Ilokano Filipino, Ilonggo Filipino, Singapore English, Filipino English at iba pa. Tinatawag itong linggwistikong varayti ng wika. Mayroon ding varayti na ayon sa register o sosyal na kalagayan tulad ng Filipino ng mga nabibilang sa *third sex*, Filipino ng mga taong may iba't ibang trabaho tulad ng mangingisda, magsasaka, mga taong-pabrika, maging ang mga taong may iba't ibang dibersyon tulad ng mga sugarol, sabungero, mga namamahala ng huweteng at karera. Gayundin may Filipino ng mga kolehiyala, Filipino ng sosyal sayans, matematika, kemistri, at siyensiya na mga varayting pang-akademiko,

Sa pagkakaroon ng ibat ibang varayti / register / anyo ng wika nagreresulta ito sa pananaw na pagkakaroon ng herarkiya ng wika. Tinawag ito ni Bernstein (1972) na **Deficit-Hypothesis**, na batay sa mga obserbasyon niya sa mga nag-aaral sa elementarya sa ilang paaralan sa England. Nakita niya na may magkaibang -katangian ang wika ng mga batang mula sa mahihirap na kalagayan. Nakita niya na may katangiang masuri at abstrak (elaborated code) ang wika ng una at detalyado at deskriptibo (restricted code) naman sa huli. Ang pananaw na ito ay hindi sinang-ayunan ni Labov (1972) sa dahilang nagbubunga ng pagtinging di pantay-pantay sa wika ang ganitong pagtingin. Itinaguyod niya ang konseptong varyabilidad ng wika

(variability concept). Sa paniwala niya, natural na phenomenon ang pagkakaiba-iba ng anyo at pagkakaroon ng varayti ng isang wika. At mahalagang tingnan nang pantay-pantay ang mga varayting ito - walang mababa, walang mataas. Ang paniwalang ito ay makabuluhan sa ating pagtuturo ng Filipino kaugnay ng iba pang wika sa iba't ibang rehiyon.

Kaugnay ng pananaw ng varyabilidad ng wika ang Teoryang Akomodasyon (Accommodation Theory) ni Howard Giles (1982). Kaugnay ito ng mga teorya sa pag-aaral / pagkatuto ng pangalawang wika sa linguistic convergence at linguistic divergence. Nakafokus ito sa mga taong kasangkot sa sitwasyong pangwika. Sa **linguistic convergence**, ipinapakita na sa interaksyon ng mga tao, nagkakaroon ng tendensiya na gumaya o burnagay sa pagsasalita ng kausap para bigyang-halaga ang pakikiisa, pakikipagpalagayangloob, pakikisama o kaya'y pagmamalaki sa pagiging kabilang sa grupo. Sa kabilang dako naman, **linguistic divergence** naman kung pilit na iniiba ang pagsasalita sa kausap para ipakita o ipahayag ang pagiging iba at di-pakikiisa at pagkakaroon ng sariling identidad. Mahalaga ang pananaw na ito sa pag-aaral ng varayri ng wikang Filipino laluna kaugnay ng atityud sa paggamit ng inaakalang mas superior na varayti kompara sa mas mababang varayti depende sa katayuan ng kanilang unang wika sa lipunan.

Bahagi (in ng Teoryang Akomodasyon ang tinatawag na interference phenomenon at interlanguage na nakafokus sa mga wikang kasangkot. Ipinapakita ang pagkakaroon ng interference sa pagbuo ng mga varayti ng Filipino. Makikita ang impluwensya ng unang wika sa pagsasalita ng Filipino ng mga kababayan natin sa iba't ibang rehiyon. Tulad halimbawa ng CebuanoFilipino na mapapansin ang di-paggamit ng reduplikasyon o pag-uulit ng pantig sa salita. (Halimbawa: Magaling ako sa pagturo ng Filipino.) Maibibigay ring halimbawa ang paggamit ng panlaping mag- kahit na dapat gamitin ng um- sa dahilang walang um- na panlapi sa Sebvano. Halimbawa: Magkain na tayo sa halip na Kumain na tayo. Ang interlanguage naman ang tinatawag na grammar o istruktura (mental grammar) ng wika na nabubuo o nakikintal sa isip ng tao sa proseso ng pagkatuto niya ng pangalawang wika. Sa kalagayang ito nagkakaroon ng pagbabago sa grammar sa pamamagitan ng pagdaragdag, pagbabawas o pagbabago ng

mga tuntunin sa wika. Halimbawa nito ang pagialagay natin ng mga panlapi sa mga salitang Ingles kahit na ito ay wala sa diksyunaryong Ingles sa ating pang-araw-araw na interaksyon tulad ng presidentiable, boarder, bed spacer, mailing. Gayundin naririnig na ng mga salitang *Turung-turo na ako, Sayaw na sayaw na ako* na dati ay hindi tinatanggap bilang pang-uri.

Ang mga teorya, konsepto at pananaw na inilahad ay Han lamang sa mga batayang teoretikal sa pagtuturo / pag-aaral ng wika at sa pagtingin sa pagkakaroon ng varayti at varyasyon ng wika (sa ating kalagayan, ng wikang Filipino).

Papel ng Filipino sa Pagkakaroon ng Magkakalbang Wika sa Bansa

Ano naman ang papel ng Filipino sa gitna ng magkakaibang wika sa bansa? Kung ating babalikan ang kahulugan ng Filipino ayon sa KWF Resolusyon 96-1:

"Ang Filipino ay ang katutubong wikang ginagamit sa buong bansa bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng paghihiram sa mga wika ng Pilipinas at di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang varayti ng wika para sa iba't ibang sitwasyon, sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang saligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag... "

Sa pagkakaroon ng kaalaman sa mga varayti ng wika, mgkakaroon ng pagbabago sa atityud ng mga Pilipino sa wikang Pambansa. Mabubuksan ang kamalayan ng bawat isa sa atin na mayroon pala tayong bahagi o papel sa pagpapaunlad ng Filipino. Magiging aktibo ang partisipasyon ng lahat sa gawaing ito at mas lalago at madedevelop ang isang varayti o sariling varayti ng wika kung madalas gagarnitin at tatangkilikin ang Filipino ng iba't ibang tagapagsalita ng katutubong wika.

Isang bagong larangan din ito, na kakikitaan ng mga paksa at gawaing kailangang saliksikin ng mga guro at mag-aaral sa anumang antas ng pag-aaral hindi larnang sa antas gradwado. Mula sa simpieng paglilista ng mga salita at diskurso, isagawa ang mas malalim na pagsusun ng mga smasalita at pasulat na anyo ng wika ng mga tao sa iba't ibang pangkat o grupo, sa iba't ibang lugar.

Sa larangan naman ng pagtuturo, mahalaga ang pagkakaroon ng mga mag-aaral at guro ng malinaw na pananaw tungkol sa konsepto ng varayti at varyasyon ng wika. Sa gayon, makikita ng mga mag-aaral na bawat grupo, kornuniclad at rehiyon na gurnagarnit ng wika ay hindi iba o naiiba kundi kasali at kabahagi ng parnbansang wika at kultura. Mawawala ang mababang pagtingin sa mga wika ng mga taong hindi kapangkat o karehiyon. Makikita rin ang kontribusyon ng ibat ibang wika sa bansa sa pagpapaunlad ng Filipino. Mayarnang balon na mapagkukunan ang mga rehiyonal na wika ng mga kaalaman at datos mula sa kanilang etnolinggwistiko, sosyal at kornuniclad na kinabibilangan. Dala-dala ito ng mga mag-aaral sa kanilang pagpasok sa klase. At ibinabahagi nila ito sa mga interaksyon na nagaganap sa klase. Nabibigyang halaga rin nila ang kanilang sari-sariling wika at kultura bilang bahagi ng parnbansang wika at kultura.

Bilang pagwawakas, isang paalala ang iniiwan ko sa inyo, na huwag nating sayangin ang yarnan ng wika na nasa pintuan na ng ating mga silid-aralan. Huwag nating pabayaang na ang mga dayuhan pa ang turnuklas nito. Tayong mga nagtuturo at nag-aaral ng wika sa ating bansa ang magkusa at magsikap na pag-aralan ang pagkakaiba-iba ng wikang Filipino na sinasalita ng kasalukuyang henerasyon ayon sa lugar at pangkat na kinabibilangan. Makatutulong ito sa pagbuo ng isang patakaran sa wika na angkop sa lahat ng mga Pilipino.

Sanggunian

- Alonzo, Rosario 1. 1993 "Mga Pag-aaral sa Varyasyon at Varayti ng Wika." Papel na Binasa sa Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Wika. U. P.
- Beche, Leslie and Howard Giles, 1984 "Accommodation Theory: A Discussion in Terms of Second Language Acquisition" nasa International Journal of the Sociology of Language. Vol.46
- Bernstein, Basil, 1972 "Social Class, Language and Socialization." Nasa Giglioli, Language and Social Context. Cox and Wyman Ltd. Great Britain.
- Catford, J.C. 1965. "A Linguistic Theory of Translation." Oxford University Press. Oxford, USA
- Constantino, Pamela C. 1993. "Varayti at Varyasyon ng Wika: Historya, Teorya at Praktika" nasa Minanga, Sentro ng Wikang Filipino, UP, Quezon City.
- Delima, Purificacion, 1993. "Emerging Filipino Variety as Interchanges Among Native ang Non-Native Speakers: An Analysis." Disertasyong Iniharap sa Kolehiyo ng Edukasyon, UP.
- Labov, William, 1970. "The Study of Language in its Social Context" nasa Language And Social Context. Giglioli Cox and Wyman Ltd. Great Britain.
- Liwanag, Lydia B. 1993 - 1998. "Ang Register ng Filipino na Ginagamit ng mga Estudyante sa Pamantasang Normal ng Pilipinas." Papel na Binasa sa Pambansang Seminar ng Pambansang Samahan ng Wika, UP, 1993 at sa Internasyunal Kumperensya sa Filipino. 1998.
- Ocampo, Nilo S. 1993. "Suroy-Suroy sa Palanan: Varayti ng Filipino sa Isang Multi-Etnikong Probinsya" Papel na Binasa sa Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Wika, UP.

Semorlan, Teresita. 2002. Thavacano Filipino: Varayti ng Filipino sa Siyudad ng Zamboanga" nasa Minanga. Sentro ng Wikang Filipino, UP, Quezon City.

Tollefson, James W. 1991. "Planning Language, Planning Inequality. Longman, Inc. New York, USA.

Victor, Florencia C. 1993. "Sarbey ng Varayti ng Filipino na Sinasalita ng mga Estudyanteng Ibaloy at Kankanaey sa Benguet State University." Papel na Binasa sa Pambansang Kumperensya ng Pambansang Samahan sa Wika, UP.